

Tala: 1

Acquired Immunodeficiency Syndrome at Human Immunodeficiency Virus(includes abstract) Alan R; Horn DL; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, December 2007; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010018112

Abstract: Ang Acquired Immunodeficiency Syndrome (AIDS) ay isang karamdamang nagpapahina sa immune system ng katawan. Hindi kayang labanan ng mga immune system ng mga taong may AIDS ang ilang mga impeksiyon at mga cancer .

View English

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Acquired Immunodeficiency Syndrome at Human Immunodeficiency Virus

(AIDS at HIV)

ni: Rick Alan

[\[View English Version\]](#)


Kahulugan

Ang Acquired Immunodeficiency Syndrome (AIDS) ay isang karamdamang nagpapahina sa immune system ng katawan. Hindi kayang labanan ng mga immune system ng mga taong may AIDS ang ilang mga impeksiyon at mga cancer .

Mga Sanhi

Ang AIDS ay dulot ng human immunodeficiency virus (HIV), na sumisira sa mga mahahalagang selula ng immune system. Naikakalat ang HIV sa pamamagitan ng dugong may HIV o ibang mga likido ng katawan kabilang ang semilya, likido mula sa puwerta, at gatas ng suso.

Immune System



Mga Bahagi ng Sistemang nagbibigay kabal sa sakit

Mga puting dugo ng sistemang nagbibigay kabal sa sakit

Sinisira ng HIV ang mga puting selula ng dugo na mahalaga sa immune system.

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Naikakalat ang HIV sa pamamagitan ng:

- Sekswal na pakikipagtalik sa isang taong may HIV, lalo na ang pakikipagtalik o pakikipagtalik sa puwet.
- Paglipat ng HIV mula sa ina patungo sa anak sa panahon ng pagbubuntis, panganganak, o pagpapasuso.
- Pagkakatusok ng karayom na kontaminado ng HIV
- Pagkakaroon ng pagsasalin ng dugo gamit ang dugong may HIV (bihira ngayon, dahil sa pagsusuri

sa lahat ng mga ipinagkaloob na dugo para sa impeksiyon ng HIV simula noong 1985)

Bihira, ang HIV ay maaaring maikalat sa pamamagitan ng:

- Dugo mula sa taong may HIV na pumapasok sa nakabukas na sugat ng ibang tao
- Pagkakakagat ng isang taong may HIV
- Pagsasalo sa mga gamit sa pang-personal na hygiene kasama ang isang taong may HIV (mga pang-ahit, mga sipilyo, atbp)

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Kasama sa mga nagbibigay panganib ang:

- Pagkakaroon ng maraming katalik
- Pagsasalo ng mga karayom para sa pag-iniksiyon ng droga
- Pagkakaroon ng paulit-ulit na pagkakalantad sa dugong may HIV o ibang mga likido ng katawan (isang alalahanin para sa mga nagtatrabaho bilang tagapangalaga ng kalusugan)
- Pagkakatapanganak sa isang inang may HIV
- Pagtanggap ng mga ipinagkaloob na produkto ng dugo, tissue, mga organ, o artificial insemination
- Pagiging imigrante mula sa mga lugar na may mataas na bilang ng mga pasyenteng may AIDS (silangang gitnang Africa at Haiti)
- Pagkakaroon ng sekswal na relasyon sa taong may mataas na panganib o kinakasamang mayroong HIV

Sintomas

Ang HIV ay maaaring hindi magpakita ng mga sintomas nang ilang taon.

Ang mga unang sintomas na maaari mong maranasan isang buwan o dalawa pagkatapos mahawaan ay maaaring magtagal nang dalawang linggo. Kasama dito ang mga:

- Mabilis na pagbaba ng timbang
- Walang plemang ubo
- Masakit na lalamunan
- Pabalik-balik na lagnat
- Pagpapawis sa gabi
- Labis, hindi maipaliwanag na pagkapagod
- Namamagang mga lymph node sa kilikili, leeg o singit
- Mga puting batik sa dila o sa bunganga o sa lalamunan
- Sakit sa ulo
- Kawalan ng ginhawa dahil sa liwanag
- Pantal
- Labis na pagkalungkot
- Pagka-irritable
- Pagkawala ng memorya o ibang neurological disorder

Pagkatapos mawala ang mga unang sintomas na ito, maaaring walang sintomas nang ilang buwan hanggang taon. Pagkatapos, ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari sa loob ng 1 hanggang 3 taon:

- Namamagang mga lymph node sa buong katawan
- Mga dulot ng fungus na impeksiyon sa bunganga, mga kuko sa kamay at paa
- Paulit-ulit na mga impeksiyon sa puwerta (yeast at *Trichomonas*)
- Pagkakaroon ng maraming mga kulugo
- Paglala ng mga naunang kondisyon, gaya ng eczema , psoriasis , impeksiyon na herpes

- Shingles
- Pagpapawis sa gabi
- Pagbaba ng timbang
- Di-magamot-gamot na pagtatae

Sa oras na ang HIV ay maging AIDS, ang immune system ay talagang nanghina na. Mangyayari ang mga mapagsamantalang impeksiyon. Ito ay mga impeksiyon na hindi karaniwang nakukuha ng mga taong may normal na immune system. Nangyayari ang mga impeksiyon sa mga pasyenteng may AIDS dahil sa huminang immune system. Kasama sa mga halimbawa ng mga mapagsamantalang impeksiyon at ibang mga kumplikasyon ng AIDS ang:

- Thrush (sobrang pagdami ng yeast)
- Pulmunya (partikular ang *Pneumocystis jiroveci* na pulmunya)
- Mga mapaminsalang impeksiyon dulot ng fungus (nagresulta sa mga impeksiyon sa utak at/o бага)
- Impeksiyon na toxoplasmosis
- Tuberculosis
- Dulot ng virus na impeksiyon sa utak
- Kaposi's sarcoma
- Lymphoma
- Cancer sa kuwelyo ng matris
- Karamdaman sa mata dahil sa impeksiyon ng cytomegalovirus
- Mga impeksiyon sa bituka, lalo na dahil sa shigella, salmonella , at campylobacter
- Malubhang pagbaba ng timbang (wasting syndrome)
- Malubhang mga pantal sa balat
- Mga reaksiyon sa mga gamot
- Mga problemang psychiatric, kabilang ang labis na pagkalungkot at dementia

Pagsuri

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas, kasaysayang medikal, at mga nagbibigay panganib. Isasagawa ang eksaminasyong pisikal.

Ginagamit ang isang pagsusuri ng dugo na tinatawag na ELISA test upang matuklasan ang impeksiyon ng HIV. Kung positibo ang ELISA test, ang Western blot blood test ay kadalasang ginagawa upang kumpirmahin ang pagsuri. Maaaring negatibo ang ELISA test kung ikaw ay kamakailan lamang nahawaan ng HIV.

Maraming mga tao (95%) ang magkakaroon ng positibong pagsusuri sa loob ng tatlong buwan. Karamihan ng mga tao (99%) ay magkakaroon ng positibong pagsusuri sa loob ng anim na buwan. Kung negatibo ang ELISA test, ngunit sa tingin mo ay mayroon kang HIV, dapat kang masuring muli sa 1 hanggang 3 buwan.

Paggamot

Maaaring pigilan, antalahin, o kontrolin ng mga gamot ang pagkakaroon ng AIDS sa mga maraming taong nahawaan ng HIV.

Mga Gamot na Panlaban sa HIV

Madalas na ibinibigay na kumbinasyon ang mga gamot na ito, kilala bilang *AIDS cocktails* . Kasama dito ang mga:

Nucleoside reverse transcriptase inhibitors:

- AZT (Zidovudine or ZDV)
- ddC (Zalcitabine)
- ddI (dideoxyinosine)
- d4T (Stavudine)
- 3TC (Lamivudine)
- Emtricitabine (Emtriva)

- Abacavir (Ziagen)
 - Sa ilang mga pasyente, maaaring magdulot ang abacavir ng reaksiyon na pagiging sobrang sensitibo, na maaaring ikapanganib ng buhay. Natuklasan ng mga mananaliksik na ang pagsusuri para sa isang partikular na gene ay makakatulong upang maiwasan ang reaksiyong ito. ^{*2}

Nucleotide reverse transcriptase inhibitors:

- Delavirdine (Rescriptor)
- Nevirapine (Viramune)
- Efavirenz (Sustiva)

Protease inhibitors:

- Ritonavir (Norvir)
- Saquinavir (Invirase)
- Indinavir (Crixivan)
- Amprenavir (Agenerase)
- Nelfinavir (Viracept)
- Lopinavir (Kaletra)
- Atazanavir (Reyataz)
- Tipranavir (Aptivus)
- Darunavir (Prezista)

Kumbinasyong tableta:

- Atripla (Efavirenz, Tenofovir and Emtricitabine)
- Enfuvirtide (Fuzeon)
- Raltegravir (Isentress)
- Maraviroc (Selzentry)

Mga Gamot na Panlaban sa mga Impeksiyon Kaugnay ng AIDS at Mga Cancer

Ang mga taong nagkaroon ng AIDS ay ginagamot gamit ang maraming mga gamot na tumutulong upang maiwasan ang:

- Pulmunya
- Thrush
- Paulit-ulit na mga impeksiyong herpes
- Mga impeksiyon sa utak na toxoplasma

Pag-iwas

Upang maiwasang mahawaan ng HIV:

- Iwasan ang pakikipagtalik o gumamit ng panlalaking latex na condom (kasama na ang pakikipagtalik at anumang ibang mga sekswal na gawain na nagreresulta sa pagpapalitan ng mga likido mula sa katawan).
- Huwag pagsaluhan ang mga karayom para sa pag-iniksiyon ng droga.
- Limitahan ang bilang ng iyong mga katalik.
- Iwasan ang mga katalik na may HIV o mga gumagamit ng iniiniksiyon na droga.
- Iwasan ang pagtanggap ng pagsasalin ng mga hindi sinuring mga produkto ng dugo.
- Kung ikaw ay nagtatrabaho bilang tagapangalaga ng kalusugan:
 - Magsuot ng guwantes na latex at mga maskara sa lahat ng mga proseso.
 - Hawakan nang maingat at itapon nang wasto ang mga karayom.
 - Maingat na sundin ang mga pandaigdigang pag-iingat (isang detalyadong listahan kung

paano hawakan ang mga bagay gaya ng mga karayom at ibang mga materyal na mapanganib sa kalusugan).

- Kung nakatira ka sa isang sambahayang mayroong tao na may HIV:
 - Magsuot ng guwantes na latex kung humahawak ng mga likido ng katawan na may HIV.
 - Takpan ng mga benda ang lahat ng mga sugat mo at ng taong may HIV.
 - Huwag pagsaluhan ang alinmang mga bagay na gamit para sa pang-personal na hygiene gaya ng mga pang-ahit, mga sipilyo, atbp.
 - Hawakan nang maingat at itapon nang wasto ang mga karayom na ginagamit para sa gamot.

Natuklasan ng tatlong pagsusuri kamakailan kung saan sangkot ang higit sa 11,000 na mga Aprikano na ang mga natuling lalake ay higit na malamang hindi magkakaroon ng impeksiyon ng HIV kumpara sa mga hindi natuling lalake. Sa US, karamihan ng mga lalaki ay natuli na at ang panganib sa HIV ay higit na mas mababa. Mahalaga pa ring isaalang-alang na maaaring bawasan ng pagpapatuli ang panganib ng pagkalat ng HIV. [*1](#)

Upang pigilan ang pagkalat ng HIV sa ibang tao kung ikaw ay may HIV:

- Iwasan ang pakikipagtalik o gumamit ng panlalaking latex na condom (kasama na ang pakikipagtalik at anumang ibang mga sekswal na gawain na nagreresulta sa pagpapalitan ng mga likido mula sa katawan).
- Pasabihan ang dati o potensyal na katalik.
- Huwag magkaloob ng dugo o mga organ.
- Sikaping huwag magbuntis. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pangontra sa pagbubuntis.
- Kung mayroon kang sanggol, huwag magpasuso.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. December 2007
Numero ng Item: 2010018112